



ANG SABI NG MGA SF SUPES:

“MANATILI SA NUHW!”

Madalang na lahat ng 11 miyembro ng San Francisco Board of Supervisors ay nagkakaisa sa pagboto, ngunit kami ay nagkakaisang makiusap sa mga manggagawa ng CPMC na manatili sa NUHW at tanggiin ang SEIU-UHW.

Salamat sa inyong mataimtim na pagtatrabaho at pagsisilbi para sa ating lungsod sa kasalukuyang paglaganap ng COVID-19. Sa ngalan ng lahat ng mga taga San Francisco, nagpapasalamat kami sa mahalagang serbisyo at pagtatalaga ninyo sa mga pasyente sa inyong mga ospital at sa lahat sa ating lungsod. Marami sa amin ang sumulat na sa California Pacific Medical Center CEO Warren Browner at nananawagan sa kanyang iayos ang kontrata, at handa kaming sumuporta sa inyong makakuha ng wasto at makatarungang kontrata bilang parte ng NUHW.

Nagsimula ang NUHW sa San Francisco at parte ito ng lungsod na ito. Ilang taong nakipagtulungan kami sa mga namumuno ng NUHW upang makamit ng mga mabuting kontrata at kasunduan para sa mga manggagawa ng CPMC, upang pigilin ang pagputol ng Sutter sa serbisyong pangkalusugan para sa mga pinakanangailangan, at upang simulan ang nangungunang mga programang magbibigay ng universal health care sa lahat ng mga taga San Francisco at magpalawak sa mga mental health services. Nitong nakalipas na taon, nagkaisang bumoto ang Board of Supervisors upang gawin ang San Francisco na unang jurisdiction na pormal na sumusuporta sa mga therapist na ni-rerepresenta ng NUHW sa kanilang laban para ayusin ng Kaiser ang kanilang sirang mental health care system. Nakipagtulungan din kami sa mga manggagawa ng NUHW upang makamit ng karagdagang pondo para sa Richmond Area Multi-Services, at sumuporta kamakailan sa mga miyembro ng NUHW na magtagumpay sa pagkuha ng matatag na mga kontrata sa San Francisco Post Acute at Mission Neighborhood Healthcare Center.

Halata ang malakas na pamumuno ng NUHW sa kasalukuyang paglaganap ng COVID-19. Pinananatilihan ng NUHW ang pagbabalita sa amin habang ang mga pinuno at steward ng unyon ay nakikipag-ugnayan sa tagapamahala ng CPMC upang lutasin ang mga suliranin at siguraduhing magbigay ito ng mga mask para sa lahat ng manggagawa, wastong PPE para sa lahat ng sitwasyon, at proteksyon laban sa pagkawala ng sahod o benepisyo. Ang ganitong tipo ng suporta ay kinakailangan sa panahon ng ganitong krisis at dapat na ipagpatuloy ng walang abala mula sa iba.

Hindi namin nakikita ang katumbas na pamumuno mula sa SEIU-UHW. Sa panahon kung kailan dapat lahat ay nakikipagtulungan upang harapin ang krisis ng COVID-19, ang mga namumuno ng SEIU-UHW ay dapat hindi magsayang ng oras at lakas ng mga tao sa hindi kinakailangan at hindi karapat-dapat na kampanyang pag-decertification. Walang maiging dahilan kung bakit mag-dedecertify, at nag-aalala kami na tumutulong ang mga namamahala ng CPMC sa pag-decertify dahil alam nilang maninindigan ang NUHW para sa mga manggagawa at bibigyang lakas nila kayo upang ipagtanggol ninyo ang sarili ninyo.

Nakikiusap kaming tanggiin ninyo ang pagpursigi ng decertification at manatili sa NUHW. Ipinagmamalaki namin ang pakikipagtulungan naming sa NUHW at ng mga miyembrong ito ng ilang mga taon, at gusto naming ipaalam sa inyo na nananatili kaming 100 porsiyentong disidido sa aming pag-suporta sa NUHW upang protektahan ang inyong kaligtasan sa panahon ng COVID-19 pandemic, at upang makamit muli ng isa pang makatarungang kontrata na malinaw na karapat-dapat ninyong makuha.

Sumasainyo,

District 1 Sandra Lee Fewer

District 2 Catherine Stefani

District 3 Aaron Peskin

District 4 Gordon Mar

District 5 Dean Preston

District 6 Matt Haney

District 7 Norman Yee

District 8 Rafael Mandelman

District 9 Hillary Ronen

District 10 Shamann Walton

District 11 Ahsha Safai



Nagsimula ang NUHW sa San Francisco at parte
ito ng lungsod na ito.

Halata ang malakas na pamumuno ng NUHW
sa kasalukuyang paglaganap ng COVID-19.

Hindi namin nakikita ang katumbas na
pamumuno mula sa SEIU-UHW.

**Nakikiusap kaming tanggihan ninyo ang pagpupursigi
ng decertification at manatili sa NUHW.**

- San Francisco Board of Supervisors

